

Pagprotekta sa mga Nasa Hustong Gulang Mula sa Pang-aabuso, Pagpapabayâ at Kapabayaang sa Sarili

Pagsuporta sa sariling pagpapasya ng mga nasa hustong gulang sa British Columbia

Kapag ang mga nasa hustong gulang ay inaabuso o pinababayaan, mahirap na malaman kung kailan dapat mamagitan. Akala natin ay kayang pangalagaan ng mga nasa hustong gulang ang kanilang sarili, ngunit alam din natin na hindi ito palaging totoo. Minsan ang mga nasa hustong gulang ay hindi maaaring humingi ng tulong na kailangan nila dahil sa isang pisikal na hadlang, pisikal na kapansanan, isang sakit, pinsala o iba pang mga kondisyon na nakakaapekto sa kanilang kakayahan upang gumawa ng mga desisyon.

Hinaharap ng ika-3 bahagi ng *Adult Guardianship Act* (AGA): Pagsuporta at Pagtulong sa Mga Inaabuso at Pinapabayaang sa Nasa Hustong Gulang, ang mga sumusunod na kalagayan:

- tinutukoy ang mga pang-aabuso, kapabayaang at pagpapabayâ sa sarili ng mga nasa hustong gulang at nagtatakda ng mga pumapatnubay na prinsipyo para sa ating mga pagkilos,
- nagtataguyod ng pagsuporta at pagtulong,
- nagbibigay ng legal tools para sa mas pormal na pamamagitan (intervention), kung kinakailangan, para sa mga taong walang kakayahang humingi ng tulong para sa kanilang sarili
- binibigyang daan ang pag-unlad ng koordinadong mga pagtugon ng komunidad na tinatawag na Response Networks o kaya CRNs.

Ano ang pang-aabuso, kapabayaang at pagpapabayâ sa sarili alinsunod sa AGA?

Ang **pang-aabuso** ay sinasadya na masamang pagtrato na nagiging sanhi ng pangkatawan, pangkaisipan o kapinsalaang pandamdamin, o pinsala sa kawalan ng respeto sa mga pinansyal na gawain ng mga nasa hustong gulang na iyon. Kasama dito ang:

- pananakot
- panghihiya
- physical assault
- panghahalay o sexual assault
- sobrang paggamot o overmedication
- pagkakait ng kinakailangang gamot
- pag-censor ng mga sulat
- invasyon o pagkakait ng privacy, at
- pagtanggap tumanggap ng mga bisita.

Ang **pagpapabayâ** ay anumang hindi pagbibigay ng mga kinakailangang pangangalaga, tulong, paggabay o atensyon na nagiging sanhi ng seryosong pangkatawan, pangkaisipan o pandamdaming pinsala, o malaking pinsala o loss hinggil sa pinansyal na usapin ng nasa hustong gulang sa loob ng maikling panahon.

Ang **sariling kapabayaan** ay anumang hindi pag-iingat ng isang nasa hustong gulang sa kanyang sarili na nagiging sanhi o maaaring makatwirang maging sanhi ng, malubhang sakit na pangkatawan o pangkaisipan o malaking pinsala o loss hinggil sa pinansyal na usapin ng nasa hustong gulang sa loob ng maikling panahon.

Kasama dito ang:

- paninirahan sa isang marumi at di malusog na kalagayan,
- pagdurusa dahil sa hindi ginagamot na sakit o pinsala,
- pagdurusa dahil sa malnutrisyon na malamang na malubhang makapinsala sa pangkatawan o pangkaisipang kalusugan ng isang tao, na lumilikha ng isang mapanganib na kalagayang magdudulot ng seryosong pisikal na pinsala sa nasa hustong gulang o sa iba pang tao o di kaya'y malaking pinsala sa o pagkawala ng ari-arian, at
- pagdurusa dahil sa isang sakit o pinsala na nauwi sa hindi pag-aasikaso ng nasa hustong gulang sa kanyang mga gawaing pinansyal at malamang na magiging sanhi ng malaking pinsala o pagkawala ng ari-arian.

Ang AGA ay tumutukoy rin sa pang-aabuso, kapabayaan, at pagpapabayâ sa sarili sa isang pampublikong lugar, tahanan ng nasa hustong gulang, isang pasilidad ng pangangalaga o alinmang lugar maliban sa kulungan.

Ano ang mga prinsipyong pumapatnubay sa intervention alinsunod sa AGA?

- Ang lahat ng mga nasa hustong gulang ay may karapatang mamuhay sa paraang nais nila at tumanggap o tumanggi ng suporta, tulong o proteksyon hangga't sila ay hindi nakakapinsala sa iba at ang mga ito ay may kakayahang gumawa ng mga desisyon tungkol sa mga bagay na ito.
- Ang lahat ng mga nasa hustong gulang ay dapat tumanggap ng pinakamabisa ngunit hindi mapanghimasok at restrictive na paraan ng pagsuporta, tulong o proteksyon kapag ang mga ito ay wala nang kakayahang pangasiwaan ang kanilang sarili o ang kanilang mga gawaing pinansyal.
- Hindi dapat hilingin sa hukuman na mag-appoint, at di dapat ito mag-appoint ng guardian maliban kung mga opsyon tulad ng pagbibigay ng suporta at tulong ay nasubukan na o maingat na isinaalang-alang.

- Hangga't hindi nangyayari ang kabaligtaran, ang bawat nasa hustong gulang ay ituturing na may kakayahang gumawa ng mga desisyon tungkol sa personal na pangangalaga, pangangalagang pangkalusugan at gawaing pinansyal.
- Ang paraan ng pakikipag-usap ng nasa hustong gulang sa iba ay hindi batayan para sa pagpapasya na siya ay walang kakayahang gumawa ng mga desisyon.

Sino ang magbibigay ng suporta at tulong at sino ang maaaring gumamit ng legal tools?

Ayon sa mga prinsipyong ito, kahit na ang isang nasa hustong gulang ay maaaring nasa mapang-abuso o napapabayaang sitwasyon, siya ay may karapatang magpasya kung tatanggapin o tatanggihan ang mga alok na tulong kung siya ay may kakayahang gumawa ng gayong mga desisyon.

Maraming mga ahensya sa komunidad, kabilang ang mga ahensyang itinalaga alinsunod sa AGA, na maaaring humarap sa ganitong mga uri ng sitwasyon at mag-alok ng suporta o gumawa ng referrals upang makakuha ng tulong ang nasa hustong gulang kung nais niya.

Kapag ang isang **itinalagang ahensya** ay nakatanggap ng isang ulat tungkol sa isang nasa hustong gulang, ang ahensya ay may legal na responsibilidad upang alamin ang kalagayan at direktang kausapin ang nasa hustong gulang, at ilahok siya hangga't maaari upang matugunan ang kanyang kalagayan.

Ang mga **itinalagang ahensya** sa BC ay:

- Ang limang Regional Health Authorities,
- Ang Providence Health Care Society (ilang mga setting ng ospital sa Vancouver), at
- Ang Community Living BC (para sa mga nasa hustong gulang na karapat-dapat para sa mga serbisyong ito).

Ang mga itinalagang ahensya ay nagtatrabaho na kasama ang nasa hustong gulang upang bigyan siya ng uri ng suportang gusto niya at kailangan niya. Maaaring kasama rito ang impormal na suporta mula sa mga kaibigan, pamilya at mga tagapagtaguyod. Maaari rin nitong isama ang ibang mga serbisyo tulad ng home support, meal services o isang day program. Maraming mga kalagayan ay natutugunan sa ganitong paraan.

Kung ang sitwasyon ay hindi maaaring malutas sa impormal na paraan, kung ito'y kagyat o mapanganib, at ang itinalagang ahensya ay nababahala na ang nasa hustong gulang ay maaaring walang kakayahang humingi ng tulong para sa kanyang sarili dahil sa isang pisikal na hadlang, pang katawang kapansanan o isang sakit, pinsala o iba pang mga kondisyon na nakakaapekto sa kanyang kakayahang gumawa ng mga desisyon, ang AGA ay nagbibigay sa itinalagang ahensya ng legal tools upang protektahan ang nasa hustong gulang.

Ang tools na ito ay:

- legal na awtoridad upang makapasok at makausap ang nasa hustong gulang kapag ang pag-access ay tinanggihan,
- maikli at mas mahabang restraining order bilang proteksyon laban sa mga pinaghihinalaang nang-aabuso, at
- Suporta at Pagtulong na kautusan mula sa hukuman upang mabigyan ang nasa hustong gulang ng mga kinakailangang suporta, kung siya ay naasesong wala nang kakayahang pangkaisipan upang tanggihan ang tulong.

Ang mga itinalagang ahensya ay dapat ring mag-ulat ng criminal offenses sa pulis.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa itinalagang ahensya sa iyong health region at/o makakuha ng isang lokal na numero ng telepono, tingnan ang mga sumusunod:

Fraser Health:

1.877.REACT.08 (1.877.732.2808)
http://www.fraserhealth.ca/your_care/adult_abuse_and_neglect/getting-help

Interior Health:

1.844.870.4754

Para sa mga direktang numero sa komunidad bisitahin ang: <https://www.interiorhealth.ca/>

Northern Health:

1.844.465.7414

Vancouver Coastal Health:

Providence Health Care:
1.877.REACT.99 (1.877.732.2899)

Mga Community Response Numbers - Mga Itinalagang Responder Coordinators.

Vancouver Island Health Authority:

South Island:
1.888.533.2273

Central Island:
1.877.734.4101

North Island:
1.866.928.4988

Community Living BC (CLBC):

Ang CLBC ang ahensyang itinalaga para sa lahat ng mga taong may developmental disability na karapat-dapat para sa mga serbisyo ng CLBC. Para sa mga lokasyon at pagkikipag-ugnayan, bisitahin ang: <https://www.communitylivingbc.ca/contact/local-offices/>

Ang mga itinalagang ahensya ay maaari ring makipagtulungan sa Public Guardian and Trustee (PGT) sa ilang mga kalagayan.

Paano nakikipagtulungan ang PGT sa mga itinalagang ahensya?

Ang PGT ay may kapangyarihan alinsunod sa *Public Guardian and Trustee Act* na imbestigahan ang mga ulat ng pang-aabuso at pagpapabayâ kapag ang assets ng isang nasa hustong gulang ay nasa panganib at ang nasa hustong gulang ay walang kakayahang pangasiwaan ang kanyang mga gawaing pinansyal. Dahil dito, ang PGT ay maaaring tumanggap ng mga ulat mula sa mga itinalagang ahensya kapag may pag-aalalang kaugnay ng pang-aabusong pinansyal, kapabayaan o sa sariling pagpapabayâ. Ang PGT ay may awtoridad na magpatupad ng isang imbestigasyon at tukuyin ang mga opsyon na maaaring gamitin. Kapag ang nasa hustong gulang ay nangangailangan ng isang tao upang gumawa ng mga pinansyal at legal na desisyon, at wala ng ibang opsyon na pwedeng gamitin na hindi mapanghimasok, ang PGT ay maaaring gumawa ng mga hakbang upang maging committee of the estate at gumawa ng mga desisyong pinansyal upang protektahan ang ari-arian ng nasa hustong gulang.

Minsan ang PGT ay nakakatanggap ng ulat mula sa isang kaibigan, kapit-bahay o taong nag-aalala na di umano'y may pang-aabuso, kapabayaang o sariling pagpapabayâ ng isang mahinang nasa hustong gulang. Ang PGT ay maaaring mag-imbetiga kaugnay ng mga pag-aalala. Gayunpaman, isasangguni nito ang sitwasyon sa isang itinalagang ahensya kapag may mga pag-aalala tungkol sa pisikal na panganib o pinsala. Para sa karagdagang impormasyon sa mga tungkulin at mga serbisyo ng PGT, tingnan ang website PGT sa: www.trustee.bc.ca

Ano ang Community Response Network o CRN?

Ang pang-aabuso at pagpapabayâ ay kumplikadong mga problemang nangangailangan ng karanasan at pagtulong ng maraming tao at mga organisasyon upang mabisa itong matugunan. Ang **Community Response Network** o **CRN** ay isang grupo ng mga tao at mga organisasyon sa komunidad na sama-samang kumikilos upang lumikha ng isang koordinadong pagtugon sa pang-aabuso sa mga nasa hustong gulang, pagpapabayâ at kapabayaang sa sarili, sa pamamagitan ng:

- paglahok sa lahat ng tao sa komunidad na nais tumulong;

- pagtataas ng kamalayan ng komunidad at pagbubuo ng protocol sa mga miyembro kung paano ang mga organisasyon o mga ahensya ay makatutugon kapag ang isang nasa hustong gulang ay nangangailangan ng tulong;
- pagsubaybay kung paano ipinatutupad ang mga pagtugon; at
- pagtatrabaho para mapigilan ito.

Kahit sino man sa komunidad na nag-aalala tungkol sa pangaabuso at pagpapabayâ sa nasa hustong gulang ay maaaring maging miyembro ng CRN, kabilang ang mga itinalagang ahensya, pulis, mga organisasyon sa komunidad na tumutulong sa mga ispesipikong grupo, komunidad ng simbahan, mga pinansyal na institusyon, advocacy organizations at concerned citizens.

Mayroong “community response network” na activity sa lahat ng rehiyon sa probinsiya. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CRN tingnan ang website sa www.bccrns.ca. Upang makausap ang isang contact person sa komunidad na may CRN activity, bisitahin ang CRN website at mag-click sa “Contact”.

Makipag-ugnayan sa Public Guardian and Trustee

Assessment and Investigation Services

700-808 West Hastings Street
Vancouver, BC V6C 3L3

LOCAL PHONE **604 660 4507**
TOLL FREE PHONE **1 877 511 4111**
LOCAL FAX **604 660 9479**
TOLL FREE FAX **1 855 660 9479**
EMAIL **AIS-PDS@trustee.bc.ca**

Pagtawag sa Toll-free na numero

Tumawag nang walang bayad sa pamamagitan ng Service BC. Matapos i-dial ang tamang numero para sa iyong lugar (tingnan sa ibaba) humiling na makausap ang Public Guardian and Trustee.

VANCOUVER **604 660 2421**
VICTORIA **250 387 6121**
IBA PANG LUGAR SA BC **1 800 663 7867**
EMAIL **mail@trustee.bc.ca**
WEBSITE **www.trustee.bc.ca**

*Mga oras ng opisina sa PGT, Lunes hanggang Biyernes 8:30am
- 4:30pm.*